

Sekai wa Hitotsu

Inilathala ng Gifu International Center (GIC)

**International Exchange at Multicultural Magazine
GIFU INTERNATIONAL CENTER**

Nobyembre 2023 No.157



©岐阜県 清流の国ぎふ・ミナモト # 0195

Hello Gifu・Hello World 2023

~Paggunita sa ika-50 Anibersaryo ng Pagkakatatag ng Japan-Vietnam Diplomatic Relations~

Ang Yearly Cultural Exchange Event na "Hello Gifu, Hello World 2023" ay ginanap sa 'Minna no Mori' Gifu Media Cosmos. Isang Vietnamese female dance troop, ang "V-Artists" ay inimitahan na magtanggap sa stage upang gunitain ang 50 taon ng diplomatic relations sa pagitan ng Japan at Vietnam. Ang una sa dalawang di malilimutang dance number na ginanap ay ginawa na nakasuot ng berdeng modernong istilong áo dài, (tradisyunal na damit ng Vietnam) sa kantang "Hương Sắc Việt", na nangangahulugang "beautiful Vietnam". Ang pangalawang kanta, "Sen hồng hứ vô", ibig sabihin ay "elegant pink lotus", ay nagtampok ng magandang sayaw na ginanap habang may hawak na lotus, ang pambansang bulaklak ng Vietnam. Sa panahon din ng stage event, nagbigay ng presentasyon ang Gifu International Center Coordinator for International Relations (CIR) Đặng Thái Quỳnh Chi na nagpapakilala sa Vietnam at nagpapaliwanag sa kasaysayan ng pagkakaibigan ng Japan at Vietnam.

Bilang karagdagan, bilang bahagi ng aming aktibidad ang GIC ay nagsasagawa ng mga konsultasyon para sa mga dayuhang residente ng Gifu upang matulungan sila kung mayroon silang problema na may kaugnayan sa kanilang pang-araw-araw na buhay sa Japan. Mayroon kaming tatlong consultant na nagtatrabaho dito sa GIC, na dalubhasa sa Portuguese, Tagalog, at Vietnamese.

Stage Event



Pagganap ng sayaw ng "V-Artists", isang grupo ng mga Vietnamese dancers na nakatira sa Japan



Vietnamese Coordinator para sa International Relations Đặng Thái Quỳnh Chi



Group photo ng mga performers at CIR na ginunita ang 50 taon ng diplomatikong relasyon sa pagitan ng Japan at Vietnam

Mga Booth Display

Sa "Kangaeru" Studio, nag-set up ng mga booth display ang 27 international exchange organization. Ipinakilala ng mga display ang kultura ng bawat bansa at ang aktibidad ng mga organisasyon, at ibinebenta rin ang mga katutubong sining. Ang GIC ay nag-sagawa ng dalawang workshop para sa mga bata, na paggawa ng French scoubidou at Lithuanian tautinė juosta, na inspired ng pagbuburda ng sintas o sinturon na ginagamit para sa tradisyonal na damit ng mga Lithuanians Nasisiyahan ang mga bisita sa pag-aaral tungkol sa kultura ng bawat bansa sa pamamagitan ng mga workshop ng mga bata na inorganisa ng French at Lithuanian CIR's, mga photo album na nagpapakilala sa mga bansang pinagmulan ng CIR, mga folk art at mga bagay sa craft items na naka-display.

Dito sa GIC, nais naming patuloy na magsikap para pagtataguyod ng palitan (promotion of exchange) sa pagitan ng mga lokal na Hapones at mga dayuhang residente sa pamamagitan ng mga global events, at upang madagdagan ang bilang ng mga pagkakataon upang malaman ang tungkol sa mga pagkakaiba sa kultura at kaugalian ng iba't ibang bansa.

Booth Display ng GIC



Ang Venue



Consultation Center para sa mga Banyagang Residente ng Prepektura ng Gifu

Dito sa Gifu International Center, nagtayo kami ng Consultation Center para sa mga Banyagang Residente ng Prepektura ng Gifu, kung saan nagsasagawa kami ng mga konsultasyon para sa mga dayuhang residente na naninirahan sa Gifu na may kaugnayan sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Nagbibigay kami ng mapagkakatiwalaang impormasyon at kumikilos bilang isang tagapamagitan sa pagitan ng mga dayuhang residente at mga kaugay na institusyon. Ang mga Counselor para sa mga Foreign Residents ng GIC ay nandito upang tumulong, at available ang 15 wika gamit ang serbisyo ng interpretasyon ng telepono. Bilang karagdagan, nag-oorganisa kami ng iba't ibang uri ng konsultasyon, kabilang ang mga konsultasyon ng mga miyembro ng staff ng Nagoya Regional Immigration Services Bureau, libreng konsultasyon sa mga Abogado, libreng konsultasyon sa mga Administrative Scrivener, at Mental Health Counselling. Ang administrative scrivener ay isang taong kuwalipikadong tumulong sa pagbubuo ng mga dokumento na isusumite sa mga Public at Government Offices.

<Proseso ng konsultasyon>

- ① Ang taong nangangailangan ng tulong ay tumawag sa GIC (058-263-8066).
- ② Ikinonekta ng GIC ang tumatawag sa isang call center ng interpretasyon (Trio-phone).
- ③ Kung kinakailangan, ikinokonekta ng taga-translate ang tumatawag sa isang Public Office, tulad ng City Hall (4 way na tawag)

<Mangyaring mag-ingat sa mga sumusunod>

- Mainly, ang mga konsultasyon ay para sa mga dayuhang residente.
- Ang konsultasyon ay libre, ngunit ang tumatawag ang dapat magbayad para sa anumang mga singil sa telepono.
- Para sa iba pang mga impormasyon tungkol sa mga wikang available at oras, mangyaring gamitin ang QR code sa kanan.



Mangyaring isaalang-alang ang pagbibigay ng donasyon sa Gifu Prefecture Ukrainian refugee support fund

Ang perang ibinibigay sa pondo ng suporta ay mapupunta sa mga Ukrainian refugee na naninirahan sa Prepektura ng Gifu upang tulungan sila sa kanilang pang-araw-araw na gastusin sa pamumuhay



Pagpapakilala ng mga Gifu Coordinator para sa International Relations

Lee Yang (mula sa Nanchang City, Jiangxi Province, China)



Ako si Li Yang. Ikinagagalak kong makilala kayong lahat.

Ako ay galing sa Jiangxi Province, China, na 35 taon nang nakikipagkaibigan sa Prepektura ng Gifu. Ang Jiangxi ay isang bulubunduking lalawigan na matatagpuan sa "south river bank" ng Ilog Yangtze sa Tsina.

Halimbawa, mayroong Mt. Lu, na pinupuri bilang "Kangluo and the wonders of the world," Mt. Longhu, isang Taoist na sagradong lugar, Mt. Sanqing, na nakarehistro sa UNESCO World Heritage Site, may Mt. Jinggong na sinasabing framework ng rebulusyong Tsino, at Mt. Wugong na sikat sa kamping. Bilang karagdagan, ito ay sikat din bilang isang lugar ng produksyon para sa mga keramika.

Ginugol ko ang mga araw ko sa kolehiyo Majoring sa Japanese Language. Habang nag-aaral ako ng wikang Hapon, mas lalo akong naging interesado sa kultura ng Japan. Noon pa man ay pinangarap ko na ang makarating sa Japan at maranasan ang kultura ng Hapon. Pagka graduate ko sa unibersidad, pumunta ako sa Japan para magtrabaho at nanatili doon ng isang buwan lamang. Ang isang buwang karanasan ay naging mahalagang alaala din sa aking buhay.

Nais kong gamitin ang JET Program na ito bilang isang pagkakataon upang matuto nang higit pa tungkol sa kultura ng Hapon at ihatid ang kulturang Tsino sa lahat. Gagawin ko ang lahat ng pagsisikap upang itaguyod ang mutual na pagkakaunawaan at pagkakaibigan sa pagitan ng Japan at China.

Gagawin ko ang lahat ng aking makakaya sa aking kasalukuyang trabaho upang mas maisulong pa ang pangkaibigang relasyon sa pagitan ng Japan at China.

Maraming Salamat.

Agne Vegelyte (Mula sa Lithuania)

Labas! (← Pagbati sa Lithuania) Ikinagagalak ko kayong makilala!

Bilang Coordinator para sa International Relations mula Agosto, Lubos akong nalulugod na ipakilala ang Lithuania, ang aking tinubuang-bayan.

Ako ay mula sa Utena, Lithuania, isang lungsod na may populasyon na mas mababa sa 30,000, ngunit pagkatapos ng graduation sa high school ay lumipat ako sa Vilnius, ang Kapital ng Lithuania, upang mag-aral sa unibersidad at doon na ako nanirahan mula noon. Ang lumang bayan ng Vilnius ay isang magandang lungsod, na nakalista sa cultural heritage list ng UNESCO. Sa unibersidad, nag-aral ako ng Japanese studies, at nag-aral hindi lamang ng wikang Hapon, kundi pati na rin ng sinaunang pagsulat, kultura, kasaysayan, at literatura ng Hapon.

Pagkatapos, noong ako ay nasa ika-apat na taon ko sa unibersidad, dumating ako sa Japan sa unang pagkakataon sa loob ng isang taon bilang isang exchange student. Nang panahong ako ay nasa ika-apat na taon sa unibersidad, dumating ako sa Japan sa unang pagkakataon sa loob ng isang taon bilang isang exchange student. Naantig ako hindi lamang sa masarap na pagkain, kaligtasan at magandang kalikasan, kundi pati na rin sa mainit na puso ng mga tao.

Ako ay nanirahan sa Japan sa loob ng halos 5 taon, ngunit ito ang aking unang pagkakataon sa Prepektura ng Gifu, kaya gusto kong i-enjoy ang isang simpleng buhay (slow life) na napapaligiran ng kalikasan.

Ang Lithuania ay walang kabundukan at isa ito sa mga pinakapatag na bansa sa mundo, kaya halos araw-araw, masisiyahan ka sa tanawin ng nakapalibot na mga bundok mula sa observation lobby sa ika-20 palapag ng Gifu Prefectural Office, at tamasahin ang mga tanawin na mahirap makita sa Lithuania.

Gusto kong matuto nang higit pa tungkol sa kultura, kasaysayan, festival, atbp. ng Gifu habang nakikipag-ugnayan sa lahat ng mga taga Gifu. Kung ako ay makita o makasalubong, mangyaring huwag mag-atubiling ako ay batiin. Maraming salamat.



Ang Paalam na salita ng dating Lithuanian Coordinator para sa International Relations, Giedrė Dulskaitė

Hello sa lahat! Dalawang taon na ang lumipas mula nang magsimula akong magtrabaho bilang CIR sa Prepektura ng Gifu. Lubos akong nagpapasalamat sa lahat, sa bumubuo ng Prepektura ng Gifu, sa tulong at suporta na natanggap ko sa nakalipas na dalawang taon. Hindi ko makakalimutan at laging maaalala ang aking mga oras sa Gifu, marami akong nakilala at marami akong natutunan tungkol sa Gifu. Sa nakalipas na dalawang taon ay lumahok ako sa iba't ibang mga event, at naranasan ko ang malalim na ugnayan sa pagitan ng Gifu at Lithuania.

Habang nasa Gifu, nagawa kong makisali sa mga makabuluhang cultural exchange events tungkol sa kultura at kasaysayan ng Lithuania, kabilang ang mga kaganapan tulad ng Lithuania NOW, na malawakang nagpapakilala sa Lithuania; ang Kaziukas fair sa bayan ng Yaotsu, na batay sa folk arts and crafts festival na ginanap sa Lithuania; at iba pang mga lecture na nakabatay sa kultura na ginanap sa maraming lokasyon sa Prepektura ng Gifu.

Nais kong ipaabot ang taos-pusong pasasalamat sa lahat ng nakilahok sa mga event na aking sinalihan, at umaasa ako na ang ugnayan sa pagitan ng Gifu at Lithuania ay mas lalong tumibay sa hinaharap.

Gusto kong bumalik sa Gifu balang araw, kaya hindi ito paalam! Sa halip, sasabihin ko ang "see you soon", iki pasimatymo!





【 Mga Dayuhan at Healthcare ng Japan 】

Mga Medikal na problemang mayroon ang mga dayuhan

Ayon sa "FY2021 Basic Survey Report on Foreign Residents" na isinagawa ng Immigration Services Agency, "Ang mga problema kapag sumasailalim sa diagnosis at paggamot sa isang ospital" ay kasama ang "Hindi ko alam kung saang ospital pupunta?" (22.8%). Ang ratio ng "Hindi ko masabi nang tama/maayos ang aking mga sintomas sa ospital" (21.8%) ay tumaas.

Higit pa rito, sa pagtingin sa mga resulta ng survey ayon sa status of residence, 40.3% ng mga taong ang status ng paninirahan ay "Estudyante" ay sumagot, "Hindi ko alam kung saang ospital ako pupunta." mas mataas kaysa sa iba pang mga status ng paninirahan. Ang mga dayuhan na nanirahan sa Japan ng mas maikling panahon ay may posibilidad na magkaroon ng mas malaking problema sa Medikal Healthcare sa Japan. Sa resulta ng survey report, tila ang pangunahing sanhi ng "problema related sa medical healthcare" para sa mga dayuhang residente ay "kakulangan ng impormasyon tungkol sa mga ospital" at "language barrier."

(Pinagmulan : Immigration Services Agency 「FY2021 Basic Survey Report on Foreign Residents」)

Mga pagsisikap para sa mga dayuhang pasyente

Bilang tugon sa patuloy na pagtaas ng bilang ng mga dayuhan na naninirahan sa Japan, ang Gobyerno ay nagtipon ng "comprehensive measures sa pagtanggap at coexistence ng foreign human resources at itinataguyod ang pagbuo ng isang sistema na nagpapahintulot sa mga dayuhang pasyente na makatanggap ng medical na pangangalaga nang walang pag-aalala sa lahat ng area ng paninirahan.

Kasabay nito, dahil inaasahang tataas ang bilang ng mga dayuhan na bumibiyahe sa Japan dahil sa pag-alis ng mga restriksyon sa imigrasyon dahil sa impeksyon sa COVID-19, posibleng makatanggap ng medikal healthcare nang walang pag-aalala kung sakaling ang mga turista sa Japan ay nangangailangan ng medikal healthcare, nagsusumikap kaming lumikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga pasyente ay maaaring makatanggap ng medikal healthcare nang walang pag-aalala.

Bilang bahagi ng inisyatibang ito, ang Ministry of Health, Labor and Welfare at ang Japan Tourism Agency ay nagsusumikap upang mapabuti ang kaginhawahan ng pasyente at mapabuti ang mga serbisyo ng ospital at Gobyerno, nag-publish ng listahan ng mga institusyong Medikal na tumatanggap ng mga dayuhang pasyente.

Ang "mga institusyong medikal na tumatanggap ng mga dayuhang pasyente" ay tumutukoy sa mga ospital na itinuturing na karapat-dapat ng Gobyerno ng Prepektura at handang makipagtulungan sa pagsusuri sa mga dayuhang pasyente. Sa kasalukuyan, 53 ospital ang bukas para sa publiko sa Prepektura ng Gifu.

Listahan ng 「Mga Medikal na institusyong tumatanggap ng mga dayuhang pasyente」, Maaari itong makita mula sa s QR code. ➡



Ipinapakilala ang mga site na kapaki-pakinabang kapag tatanggap ng medikal healthcare sa wikang banyaga.

Sa website ng Japan National Tourism Organization (JNTO), maaari kang maghanap ng mga Medikal na institusyon na maaaring bisitahin ng mga dayuhan ayon sa rehiyon, wika, atbp.

Bukod pa rito, sa website na ito, maaari maghanap ng mga Medikal na institusyon hindi lamang ayon sa rehiyon at departamento, kundi pati na rin ang mga impormasyon tulad ng "maaring gamiting credit card."

Magagamit mo ito kung sakaling magkaroon ng emergency kapag nagtu-tour sa ibang Prepektura, para madama walang dapat ipag-alala. Mangyaring huwag mag-atubiling gamitin ito.



全国健康保険協会 岐阜支部
協会けんぽ

Ang impormasyon sa health insurance ay matatagpuan sa homepage ng Japan Health Insurance Association.

Bilang karagdagan sa Japanese at English, maaari kang pumili mula sa 5 mga wika!




岐阜支部マスコットキャラクター





Koronasyon ni King Charles III (UK)!

Noong ika-6 ng Mayo ng taong ito, isang makasaysayang kaganapan ang naganap sa England. Ang seremonya ng pagkokoronasyon. Ang seremonya ng koronasyon ay isang seremonya kung saan ang isang tao na naging isang monarko ay magsusuot ng korona sa unang pagkakataon at inihahayag ang kanyang pag-akyat sa trono. Namatay si Queen Elizabeth II noong Setyembre sa edad na 96, pagkatapos ng 70 taon, ang pinakamahabang paghahari kailanman. Nang mamatay si Elizabeth II, ang tagapagmana ng trono, si Prince Charles, ay umakyat sa trono at naging Charles III. Gayunpaman, ang paghahanda para sa seremonya ng koronasyon ay nangangailangan ng oras. Gayundin, ang mga mamamayang British aynagdadalanghati para sa kanilang yumaong monarko. Samakatuwid, normal na gawin ito sa susunod na taon. Halimbawa, ang ama ni Elizabeth II na si George VI ay namatay noong 1952, gayunpaman, ang koronasyon ni Elizabeth II ay naganap noong 1953.

Mayroong dalawang hari na nagngangalang Charles sa kasaysayan ng Inglatera (England), kaya ang kasalukuyang hari ay si Charles III. Sa United Kingdom, ang asawa (asawang lalaki o asawang babae) ng monarko ay tinatawag na "Royal Consort" o "Reyna." Hindi isang monarko, hindi isang Hari o Reyna. Halimbawa, ang asawa ni Elizabeth II ay si Philip the Prince. Ang asawa ni Charles III ay ang kanyang kasintahang si Camilla "Queen Consort."

Sa seremonya ng koronasyon, ginamit ang tradisyonal na "Regalia". Ang Regalia ay isang simbolo ng maharlikang pamilya (Royal Family), kabilang ang korona at setro (scepter).

Dahil ang pinuno ng Simbahan ng England ay ang Hari, ang koronasyon ay isa ring seremonya ng Simbahan ng England. Kaya't ang Arsobispo ng Canterbury ang nagpatong ng Korona kay Charles III. Ang korona ay ang "St. Edward's Crown" na ginawa noong 1661. Matapos ang seremonya ng koronasyon, ang korona ay pinalitan ng British Empire Crown, na nilikha noong 1838. Isinuot ni Queen Camilla ang korona na ginawa para kay Queen Mary sa koronasyon ni George V noong 1911. Si Queen Mary ay ang lola ni Queen Elizabeth II.

Sumakay ang royal couple mula sa Buckingham Palace patungong Westminster Abbey sa parehong karwahe na ginamit ni Queen Elizabeth II para sa kanyang ika-60 anibersaryo bilang isang monarko noong 2012. Sa pagbabalik, sumakay sa "Gold State Coach." Ang karwahe na ito ay ginawa noong 1762 at ginagamit sa bawat seremonya ng koronasyon mula noong 1831. Pagkabalik sa Buckingham Palace, tumayo sa sikat na balkonahe at binati ang mga tao.



Para sa mga nakatanggap ng mga Special Loans tulad ng Emergency Small Funds dahil sa pagkalat ng COVID-19

Upang matulungan ang mga taong may problema sa pananalapi dahil sa pagkalat ng COVID-19, ang gobyerno ng Japan, sa pamamagitan ng Municipal Social Welfare Councils, ay nagpahiram ng pera sa mga nag-apply para sa "Emergency Small Funds" at "General Support Funds." Ang mga taong nakahiram ng pera ay nagsisimula nang bayaran ito.

- Ang petsa ng pagbabayad ay nag-iiba depende sa petsa at uri ng pautang.
- Magkakaroon ng interes kung hindi mababayaran ang pera sa tinukoy na petsa.
- Mayroong ilang mga tao na hindi na kailangang magbayad pagkatapos mag-apply. (Kung ang nangungupahan at ang head ng household/padre de pamilya ay exempted sa resident tax)
 - *Kung gustong malaman kung residence tax-exempt o hindi, mangyaring magtanong sa iyong lokal na pamahalaan (munisipyo).
- Kung nagkakaproblema sa pagbabayad ng utang/loan, mangyaring makipag-ugnayan sa municipal council of social welfare kung saan natanggap ang loan.

Mangyaring kumunsulta sa Gifu Prefecture Social Welfare Council tungkol sa mga espesyal na pautang.

Kung hindi mababayaran ang loan sa itinakdang petsa, mahalagang tumanggap ng suporta mula sa mga nakapaligid sa iyo sa halip na dalhin ang pasanin nang mag-isa. Ang bawat social welfare council ay nagbibigay ng suporta para sa lahat ng aspeto ng pang-araw-araw na buhay. Mangyaring huwag mag-atubiling magtanong.

Konsultasyon para sa mga taong nakatira sa Prepektura ng Gifu Prefecture

Gifu Prefecture Social Welfare Council Numero ng Telepono 058-201-2100 (weekdays 9:00hanggang17:00)
Sumusuporta sa maraming wika. Ang mga taong nahihirapan sa wikang Hapon ay maaari ding malayang kumunsulta sa amin.



Sa mga lumipat

Kung nagbago ng address o pangalan dahil sa paglipat atbp., siguraduhing magsumite ng "Paunawa sa Pagbabago ng Pangalan/Address" sa municipal social welfare council kung saan mo natanggap ang loan. Kung hindi magsusumite ng abiso na ito, hindi makatanggap ng mahalagang paunawa sa pagbabalik/pagbabayad ng pera.

Para sa ibang tao na may mga problema sa kanilang pang-araw-araw na buhay

Sa Prepektura ng Gifu, mayroong consultation desk sa bawat rehiyon. I sang professional counselor ay makikinig at tutulong sa iyo. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang homepage ng Gifu Prefecture Support Consultation Desk.

Para sa konsultasyon sa mga wika maliban sa Japanese, mangyaring makipag-ugnayan sa Consultation Center para sa mga Banyagang Residente ng Prepektura ng Gifu(sa loob ng Gifu International Center)
Numero ng Telepono : 058-263-8066(weekdays 9 : 30 hanggang 16 : 30)



Inilathala ng

Gifu International Center (GIC)

Gifu Chunichi Bldg., 2F,
1-12 Yanagase Dori, Gifu City, 500-8875
☎ 058-214-7700 FAX 058-263-8067
E-mail gic@gic.or.jp URL https://www.gic.or.jp
Araw at Oras na Bukas: Linggo hanggang Biyernes, 9:30~18:00
Araw na Sarado: Sabado Piyesta Opisyal at katapusan ng Taon
Wika: English, Chinese, Portuguese, Tagalog at Vietnamese

Petsa ng Isyu

2023 Nobyembre 1
(3 beses sa 1 taon ang isyu Hulyo, Nobyembre at Pebrero)

